Oryentasyon sa Programa ng Sariling Pagpapasya

Sanayin ang Tagapagsanay

2024

Department of Developmental Services

PAMAMAHALA SA ORGANISASYON

Interpretación en español: haga clic en el globo blanco en la parte inferior de la pantalla con la etiqueta "Interpretation." Luego haga clic en “Spanish” y seleccione "Mute original audio.”

Ang mga ASL interpreter ay “Spotlighted” at aktibo ang live closed captioning

Inirerekord ang miting na ito

Makukuha ang mga material sa: SDP website: Tab ng Oryentasyon

Isumite ang nakasulat na komento sa pamamagitan ng pag-email sa: SDP@dds.ca.gov

MGA TIP NG PAG-ZOOM



I-unmute lamang ang mic kapag turno mo nang magsalita

I-on/I-off ang iyong webcam

Ang lahat ng dumalo ay pwedeng mag-type ng mga tanong/ komento sa Q&A

Available ang chat para sa mga presenter lamang; ipadala ang mga Chat sa Lahat"

Maaaring itaas ng mga presenter ang kanilang kamay kapag gustong magsalita

Mag-leave sa webinar sa pagtatapos ng pagpupulong

- Para sa mga dumalo, hindi magiging availablel ang iyong video at microphone
- Makikita/mariringig mo lamang ang mga presenter sa screen

- Mag-iiba-iba ang mga feature batay sa bersyon ng Zoom at device na ginagamit mo
- Ang ilang zoom feature ay hindi available para sa mga kalahok sa telepono lamang

Buod ng Oryentasyon

Sa araw na ito matutunan ninyo ang tungkol sa

- Mga Serbisyo ng Rehiyonal na Center
- Ang Programa ng Sariling Pagpapasya (Self-Determination Program)
- Pagpaplano na Nakasentro sa Tao
- Indibidwal na Badyet
- Plano ng Paggasta
- Mga Serbisyo ng Pag-arrange
- Pag-enrol
- Mga Resource at Kasunod na mga Hakbang

Mga Serbisyo ng Rehiyonal na Center

Mga Serbisyo ng Rehiyonal na Center

- Pinamamahalaan ng Department of Developmental Services ang koordinasyon at mga serbisyo ng paghahatid para sa mga taong may taong may intelektwal/debelopmental na mga kapansanan

- Ginagawa ito sa pamamagitan ng sistema ng rehiyonal na center na nilikha ng Lanterman Act

- Mayroong 21 non-profit na rehiyonal na center sa buong California

- Ang mga rehiyonal na center ang magpapasya kung sino ang kwalipikado para sa mga serbisyo, magbibigay ng isang Coordinator ng Serbisyo, at magbabayad para sa ilang serbisyo

Mga Serbisyo ng Rehiyonal na Center



Mga Opsyon ng Serbisyo sa Rehiyonal na Center

Ang mga opsyon na ito ay batay sa mga pagpapahalagang pinili ng Lanterman Act, indibidwal na pagpapasya sa pamamagitan ng Individual Program Plan (IPP) at pagtataguyod ng independensiya at pagsasali sa komunidad.

- Tradisyonal na mga Serbisyong Hindi Kontratado
- Mga Serbisyong Idinirekta sa Kalahok
- Programa ng Sariling Pagpapasya

Mga Serbisyo ng Rehiyonal na Center

Tradisyonal na mga Serbisyong Hindi Kontratado

Opsyon ng Tradisyonal na mga Serbisyo

- Mayroon kang nilikhang IPP na tumuturo sa iyong mga pakay at kung paano matugunan ang mga layuning iyon
- Ang mga serbisyo mula sa rehiyonal na center ay karaniwang ibinibigay sa pamamagitan ng hindi kontratadong mga tagapagbigay ng serbisyo
- Tutulungan ka ng mga Coordinator ng Serbisyo na makahanap ng iyong mga tagabigay ng serbisyo at itakda ang iyong mga serbisyo
- Babayaran ng mga rehiyonal na center ang mga tagabigay ng serbisyo para sa iyo

Mga Serbisyo ng Rehiyonal na Center

Mga Serbisyong Idinirekta sa Kalahok

Ang **Mga Serbisyo na Idinirekta sa Kalahok** ay bahagi ng Opsyon ng Tradisyonal na Serbisyo.

<u>Mga serbisyo na kontratado</u>

- Maaari mong i-hire, iiskedyul at pangasiwaan ang iyong staff
- Makikipagtulungan ka sa isang Financial Management Services Provider na hindi kontratado upang makatulong sa iyo sa pagsahod sa iyong staff, at makatupad sa mga batas sa pangengempleo

<u>Mga serbisyo na hindi kontratado</u>

- Hinahanap ng at binabayaran ng rehiyonal na center

Mga Serbisyo ng Rehiyonal na Center

Mga Serbisyong Idinirekta sa Kalahok

Mga Serbisyong Idinirekta sa Kalahok, ipinagpatuloy

Ikaw at/o isang miyembro ng pamilya ay makakahanap ng provider para sa mga serbisyo tulad ng

- Serbisyo ng pagsasanay na nasa komunidad
- Daycare
- Pangangalaga (Nursing)
- Sandaling Pamamahinga (Respite)
- Mga serbisyo ng transportasyon
- Personal na Tulong
- Mga serbisyo sa independiyenteng pamumuhay
- Suportadong Pangempleo

Ang mga serbisyo na hindi kontratado ay babayaran sa pamamagitan ng Financial Management Services Provider

Mga Serbisyo ng Rehiyonal na Center

Programa ng Sariling Pagpapasya

Ang Opsyon sa Programa ng Sariling Pagpapasya

- Ang isang boluntaryo, alternatibong paraan upang makatanggap ng mga serbisyo at suporta.
- Ang programa ay makapagbibigay sa iyo at sa iyong pamilya ng karagdagang kalayaan, kontrol, at responsibilidad sa pagpili ng mga serbisyo at suporta upang makamit ang iyong mga layunin sa IPP.
- Magkakaroon ka ng mga taong tutulong sa iyo, tulad ng iyong Financial Management Services Provider at iyong rehiyonal na center

Mga Serbisyo ng Rehiyonal na Center

Ang Programa sa Sariling Pagpapasya ay natatangi mula sa ibang mga opsyon.

- ***Ikaw*** at ang iyong IPP team ay bubuo ng iyong badyet, plano sa paggasta, at i-arrange ang mga tagabigay ng serbisyo
- Magagamit mo ang ***iyong*** badyet sa pagbili ng mga serbisyo at paninda mula sa mga kwalipikadong tagabigay ng serbisyo, indibidwal, o negosyo kahit na kontratado sa rehiyonal na center.
- Ang mga serbisyo at suporta sa ***iyo*** ay kailangang kwalipikado para sa pinansyal na paglahok sa pederal
- Kailangan ***mong*** gamitin ang hindi kontratado party na Financial Management Services Provider upang matulungan ka

Mga Bagay na Pag-iisipan

Ano ang pinakagusto ko tungkol sa bawat isa sa naiibang mga opsyon na ginagamit ng mga rehiyonal na center upang mag-alok ng mga serbisyo?

Department of Developmental Services

Plano ng Programa sa Sariling Pagpapasya



Ang Programa ng Sariling Pagpapasya (Self-Determination Program)

5 Prinsipyo ng Sariling Pagpapasya

Suporta

Piliin ang mga suporta at mga taong tutulong sa iyo na mamuhay, magtrabaho, at mag-enjoy.

Awtoridad

Magkaroon ng kontrol sa badyet para sa mga serbisyo sa iyo

Responsibilidad

Magdesisyon para sa iyong buhay at magkaroon ng pinahahalagahan g tungkulin sa inyong komunidad



Kalayaan

Ang karapatan na planuhin ang iyong sariling buhay at magdedesisyon nang sarili

Kumpirmasyon

Ikaw ang tagadesisyon ng iyong buhay

Ang Programa ng Sariling Pagpapasya (Self-Determination Program)

Makakasali **Ka** Kung Ikaw Ay

- ✓ Maging kwalipikado na tumanggap ng mga serbisyo ng rehiyonal na center sa pamamagitan ng Lanterman Act
- ✓ Manirahan sa tahanan sa komunidad, o sa isang group home
- ✓ Manirahan sa isang pasilidad ng pangmahabang panahon na pangangalaga sa kalusugan o pasilidad na pinapatakbo ng estado, at gustong gamitin ang Programa sa Sariling Pagpapasya upang makatulong sa pagplano ng iyong galaw sa komunidad
- ✓ Pumayag sa mga responsibilidad sa batas ng Programa sa Sariling Pagpapasya

Mga Responsibilidad ng Programa sa Sariling Pagpapasya

Kung Pipiliin Mong Lumahok, Pumapayag Ka Na

- ✓ Dumalo sa orientation ng Programa sa Sariling Pagpapasya na ito
- ✓ Gamitin ang mga serbisyong kailangan upang makamit ang mga layunin sa iyong IPP
- ✓ Gamitin **lamang** ang mga serbisyo ng SDP kapag **walang makukuhang** generic na mga serbisyo
- ✓ Mag-aplay para sa mga serbisyo ng Medi-Cal, kung magagawa mo
- ✓ Kontrolin ang mga serbisyo at suporta sa iyo sa iyong taunang badyet
- ✓ Makipagtulungan sa isang Financial Management Services Provider

Ang Programa ng Sariling Pagpapasya (Self-Determination Program)

Makakapili ka ng mga taong tutulong at susuporta sa iyong **paunang pagpapatala** sa Programa ng Sariling Pagpapasya

Mga Hinihinging Suporta

- Staff ng rehiyonal na center at iyong Coordinator sa Serbisyo
- Isang Financial Management Services Provider na third party

Mga Opsyonal na Suporta

- Natural na mga suporta, mga miyembro ng pamilya, at mga kaibigan
- Nakasentro sa tao na planner at transisyon na suporta na binayaran ng rehiyonal na center

Ang Programa ng Sariling Pagpapasya (Self-Determination Program)

Ang mga likas na suporta ay

Mga tao sa iyong buhay na **pinaka-nakakakilala sa iyo**, tulad ng mga kaibigan o pamilya. Puwede mong piliin na tulungan ka ng iyong natural na suporta, ngunit **hindi mo kailangang gawin.**

- Isang paboritong guro o isang tao na nakatrabaho mo sa loob ng mahabang panahon, na **pinagkakatiwalaan** mo
- Isang tao na **makakatulong sa iyo** na hanapin ang mga serbisyo, at suporta na partikular para sa iyo, o magkusang ibigay ang mga ito
- Makakatulong sila na gawin ang iyong plano na nakasentro sa tao, IPP, indibidwal na badyet, at plano sa paggasta

Ang Programa ng Sariling Pagpapasya (Self-Determination Program)

Ang Programa sa Sariling Pagpapasya ay suportado ng DDS at mga rehiyonal na center

Department of Developmental Services (DDS)	• Nagpapatupad at nangangasiwa sa programa • Nag-uulat sa datos ng programa • Sumusuporta sa pangmatagalang pagka-sustenable ng programa
Mga Rehiyonal na Center	• Nagpapatupad sa programa sa kanilang lugar • Sumusubaybay sa datos ng programa • Nag-uulat sa datos ng programa • Nakikipagkontrata sa lokal na konsyumer, o mga organisasyon na pinapatakbo ng pamilya, at nakikipagtulungan sa lokal na volunteer advisory committee (LVAC) • Namimigay ng impormasyon • Tinutukoy at binabawasan ang mga alalahanin at balakid sa pagpapatala

W&I Code §4685.8

Ang Programa ng Sariling Pagpapasya (Self-Determination Program)

Mayroong dalawang advisory committees

Local Volunteer Advisory Committee (LVAC)	• Nagrerebyu at sinusuri ang pag-usad ng programa para sa rehiyonal na center • Nakikipagtulungan sa rehiyonal na center at sa Department upang mas pahusayin ang programa • Nakikipagtulungan sa mga rehiyonal na center upang unahin ang pondo ng implementasyon • Namimigay ng impormasyon
Statewide Self-Determination Advisory Committee (SSDAC)	• Binubuo ng mga chair ng 21 rehiyonal na center LVACs • Kumokolekta ng impormasyon mula sa LVAC, sa komunidad, sa mga rehiyonal na center at sa Department • Nagrerekumenda ng mga paraan upang mas pahusayin ang pambuong estado na programa • Mayroong impormasyon tungkol sa available na mga serbisyo at suporta, at bumubuo ng mga material ng pagsasanay

Mga Bagay na Pag-iisipan

Ang opsyon ba ng Programa sa Sariling Pagpapasya ay pinakamabuti para sa akin?

Sino ang makakatulong sa akin sa pag-iisip tungkol sa desisyon na ito?

Department of Developmental Services

Plano ng Programa sa Sariling Pagpapasya



Pagpaplano na Nakasentro sa Tao

Ang **Pagpaplano na nakasentro sa tao** ay tumutulong sa iyo na tumuon sa kung ano ang gusto at kailangan mo sa buhay. Itinatala ng iyong IPP kung ano ang iyong mga layunin, at paano ang iyong mga serbisyo at suporta makatutulong sa iyo sa paglapit sa kanila.

Sa Programa ng Sariling Pagpapasya, mayroon kang opsyon na magsulat ng isang plano na nakasentro sa tao upang makatulong sa paglikha ng iyong IPP.

- Ang rehiyonal na center ay maaaring magbayad para sa isang tao upang tulungan ka sa paggawa ng iyong paunang plano na nakasentro sa tao, na makakatulong sa paglikha ng iyong IPP.

Pagpaplano na Nakasentro sa Tao

Ang plano na nakasentro sa tao ay tungkol sa iyo

Inilalarawan ng **plano na nakasentro sa tao** kung ano kaya ang magiging buhay mo sa hinaharap, upang maaari kang magsikap tungo sa iyong mga layunin.

- ✓ Ito ay batay sa iyong mga lakas, kakayahan, mga kagustuhan, uri ng pamumuhay, at kultura
- ✓ Tinutukoy nito ang mga serbisyo at suporta na tutulong sa iyo sa pag-abot ng iyong mga layunin
- ✓ Tutulong ito sa iyo sa paglikha ng iyong IPP

W&I Code §4685.8

Pagpaplano na Nakasentro sa Tao

Makakabuo ka ng nakasulat na plano na nakasentro sa tao kasama ang iyong team.

Dapat Kang

- Mamuno sa pagbuo ng iyong plano na nakasentro sa tao
- Mag-hire ng isang taong tutulong sa iyo
- Makipagkita sa iyong planning team

Ang Iyong Team ay Dapat

- Dumalo sa mga pagpupulong ng iyong nakasentro sa tao na planning team upang suportahan ka
- Makinig sa iyong mga inaasahan, pangarap at pangangailangan upang buuhin ang iyong plano na nakasentro sa tao
- Gamitin ang iyong plano na nakasentro sa tao upang gawin ang iyong IPP

Pagpaplano na Nakasentro sa Tao

Ang (mga) Pre-Enrollment Transition Support Provider ay maaaring i-hire upang makatulong sa iyo sa pagpaplano. Ang mga ito ay maaaring third party o hindi.

- ✓ Upang suportahan ka sa pagpaplano na nakasentro sa tao at sa pag-update sa iyong IPP
- ✓ Upang tulungan ka sa pagtukoy sa iyong **mga lakas**
- ✓ Upang makatulong sa pagkuha ng impormasyon na kailangan mo upang makagawa ng **mga desisyon**
- ✓ Upang makatulong sa pagtukoy sa iyong agaran at pangmatagalang **mga pangangailangan at layunin**

Ang mga Coordinator ng Serbisyo ay makakatulong din sa iyo sa panahon ng transisyon na ito

Ang mga Tagapagbigay ng Suporta sa Transisyon Bago ang Pagpapatala ay maaaring hindi kontratado o kontratado

Mga Bagay na Pag-iisipan

Gusto ko ba ang plano na nakasentro sa tao?

Sino ang gusto kong tumulong sa aking plano na nakasentro sa tao?

Ano-anong mga layunin ang gusto ko sa aking plano na nakasentro sa tao sa susunod na taon?

Department of Developmental Services

Plano ng Programa sa Sariling Pagpapasya



Indibidwal na Badyet

Ang indibidwal na badyet ay ang halaga ng pera na puwede mong igugol sa mga serbisyo.

Magsisimula ang iyong badyet sa halaga ng pera na ginugol ng rehiyonal na center sa iyong mga serbisyo sa nakalipas na 12 buwan.

Magbibigay sa iyo ang rehiyonal na center ng impormasyon na kakailanganin mo sa pagsisimula ng pagbuo ng iyong badyet.

Indibidwal na Badyet

Maaaring i-adjust ng IPP team ang iyong badyet na pataas o pababa

Ang mga dahilan ng pag-adjust ng badyet ay

- Kung ang mga serbisyo sa iyong IPP ay hindi nagamit
- Kung mayroong mga hindi natugunan na mga pangangailangan in sa iyong IPP
- Mga pagbabago sa iyong mga sitwasyon/pangangailangan
- Mga pagbabago sa mga resource na magagamit mo

Individual Budget

Magkakaroon ka ng tulong sa iyong badyet

Mga Coordinator ng Serbisyos at iba pang staff sa rehiyonal na center

- Tumulong sa **iyo** na makakuha ng impormasyon na kailangan mo upang makapagdesisyon
- Tumulong sa **iyo** sa iyong pagpupulong sa IPP
- Tumulong sa iyo sa pagbuo ng iyong badyet kasama ang IPP team
- Pinapatunayan ang iyong pinal na badyet
- Sinusubaybayan ang iyong badyet at ipinapaalam sa iyo ang anumang mga alalahanin

Mga Bagay na Pag-iisipan

May mga tool ba na makakatulong sa aking team habang binubuo ko ang aking indibidwal na badyet?

Sino ang makakatulong sa akin sa pag-intindi kung paano pinasyahan ang lahat ng halaga ng dolyar?

Ano ang mga serbisyo at suporta na kailangan ko upang mapatupad ang aking IPP?

Department of Developmental Services

Plano ng Programa sa Sariling Pagpapasya

Plano ng Paggasta

Ang plano ng paggasta ay tumutukoy sa mga serbisyo at item na kailangan **mo** upang mapatupad ang iyong IPP.

Ang iyong plano ng paggasta ay kinabibilangan ng gastos ng bawat serbisyo o item na bibilhin sa iyong mga pondo ng badyet.

Ang plano sa paggasta ay binuo mo at ng iyong IPP team.

Plano ng Paggasta

Mga bagay na tatandaan tungkol sa iyong plano sa paggasta

- ✓ Ang iyong plano sa paggasta ay makakapagbayad lamang para sa mga serbisyo at suporta na nasa iyong IPP
- ✓ Ang iyong plano sa paggasta ay hindi makakapagbayad sa mga serbisyo sa transisyon
- ✓ Ang rehiyonal na center ay ang tagabayad pa rin sa kinahulihan
- ✓ **Hindi** kailangang tukuyin ng iyong plano sa paggasta ang partikular na mga tagabigay ng mga serbisyo
- ✓ Ang halaga ng plano sa paggasta ay hindi maaaring mas mataas kaysa iyong badyet

Plano ng Paggasta

Makakakuha ka ng tulong sa iyong plano sa paggasta

Ang Rehiyonal na Center o ang mga Tagabigay ng Suporta sa Transisyon ay maaaring

- Sabihin sa iyo ang karaniwang halaga ng mga serbisyo
- Tukuyin ang mga lugar o tao na nagbibigay ng mga serbisyo na interesado ka
- Maghanap ng mga generic na serbisyo na hindi mo kailangang bayaran

Mga Tagabigay ng Serbisyo sa Pamamahal ng Pera

- Sabihin sa iyo ang minimum na sahod sa inyong lugar
- Sabihin sa iyo ang halaga ng mga buwis, insurance at benepisyo

Plano ng Paggasta

Bago ka nakasali sa programa

Maaaring bayaran ng rehiyonal na center ang kwalipikadong mga tao o ahensya na makakatulong sa iyo sa pagbuo ng iyong plano sa paggasta.

Kasunod ng pagkakasali mo sa programa

Kailangan mong bayaran ang tulong na ito mula sa iyong indibidwal na badyet. Maglaan ng pera sa iyong plano ng paggasta para sa tulong na sa palagay mo ay kakailanganin mo sa susunod na taon, tulad ng tulong mula sa Independiyenteng Facilitator.

Independiyenteng Facilitator

Ang isang Indpendiyenteng Facilitator ay isang taong pipiliin **mo** na tutulong sa iyo kapag na-enrol ka na sa Programa sa Sariling Pagpapasya.

Ang Independiyenteng Facilitator ay **maaaring**

- Susuporta sa **iyo** na gumawa ng edukadong pasya tungkol sa iyong indibidwal na badyet
- Tutulong sa **iyo** na maghanap at mag-organisa ng mga serbisyo na katugma ng iyong mga layunin sa individual program plan (IPP)
- Tutulong sa **iyo** sa pagtukoy ng pangmaiklit at pangmatagalang mga pangangailangan
- Maaarng sasali sa IPP team at tutulong sa iyo sa pagtataguyod para sa iyong sarili

Opsyonal ang pagkakaoon ng isang Independiyenteng Facilitator

Plano ng Paggasta

Bago ka matapos sa pagsusulat ng iyong plano sa paggasta, kakailanganing rebyuhin ito ng inyong rehiyonal na center upang **masiguro na**

- Ang lahat ng serbisyo ay **karapat-dapat** para sa pinansyal na pagsali sa pederal
- Ginagamit muna ang mga generic na serbisyo, maliban kung hindi available
- Ang plano ng paggasta ay nakakatulong sa iyo na maabot ang iyong mga layunin sa IPP

Mga Bagay na Pag-iisipan

Paano kung ang mga halaga ng aking plano ng paggasta ay mag-umpisang hahabol sa halaga ng aking badyet? Ano ang gagawin ng team?

Mayroon bang tool para sa plano ng paggasta o paano ko mai-set up ang isang plano ng paggasta?

Paano ko masusubaybayan kung ano ang nagasta ko?

Department of Developmental Services

Plano ng Programa sa Sariling Pagpapasya

Mga Serbisyo ng Pag-arrange

Makakapagdesisyon **ka** kung sino ang makakatulungan mo sa pagbibigay ng mga serbisyo sa iyo.

Sinuman na kwalipikadong magbigay ng mga serbisyo

- Mga taong pinagkakatiwalaan mo
- Mga taong pinaka-nakakakilala sa iyo
- Pamilya at mga kaibigan
- Mga guro, therapist, coach
- Employer

Ang mga taong *hindi* maaaaring bayaran sa pagbibigay ng serbisyo

- Isang magulang ng menor de edad na anak
- Ang taong hindi makakapasa sa pagsusuri sa background para sa mga serbisyo sa personal na pangangalaga, maliban kung may eksemsyon

Mga Serbisyo ng Pag-arrange

Kailangang kabilang ang sumusunod sa mga serbisyong pipiliin mo

- Isang serbisyo na mapapayagan sa pederal
- Kailangang kwalipikado ang mga provider o tagabigay
- Desisyon sa suporta at inclusion
- Maaaring hindi kontratado o kontratado

Mga Serbisyo ng Pag-arrange

Pinal na Tuntunin ng Home and Community-Based Services (HCBS)

Ang mga serbisyo sa iyo ay *kailangan* ding susunod sa Pinal na Tuntunin ng HCBS

- Nangangahulugan ito na ang mga serbisyo sa iyo ay nagsasaling ibinibigay sa komunidad
- Ang serbisyo ay nasa isang lugar o ibinibigay sa paraang hindi nagpapangkat sa mga tao batay sa kapansanan o serbisyo

Mga Serbisyo ng Pag-arrange

Kung ang serbisyo ay para **lamang** sa mga taong may debelopmental na kapansanan, kailangang mong magtanong kung karapat-dapat ang serbisyo

- ✓ Itanong sa inyong rehiyonal na center kung karapat-dapat ang serbisyo
- ✓ **Ikaw** at ang iyong provider ay maaaring magtutulungan upang makumpleto ang pagtatasa
- ✓ **Ikaw** at ang iyong tagabigay ng Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Pera o Financial Management Services provider ay maaaring magkasamang repasuhin ang pagtatasa
- ✓ Bawat taon ng iyong pagpupulong sa IPP, susuriin mo at ng iyong team kung karapat-dapat pa rin ang serbisyo

Ang mga serbisyo ay maaaring karapat-dapat pa rin sa ilalim ng pagtatasa ng Home and Community Based Services (HCBS) at maaaring kabibilangan ng mga camp, mga klase sa sining, o mga pangkat sa teatro



Mga Serbisyo ng Pag-arrange

Makakakuha ka ng tulong upang makahanap ng mga serbisyo at suporta. Kabilang sa mga halimbawa ng ilang tao na maaring makatulong sa iyo

- Natural na mga Suporta
- Coordinator ng Serbisyo
- Tagabigay ng Suporta sa Transisyon Bago ang Pagpapatala
- Independiyenteng Facilitator
- Center ng Mapagkukunan ng Pamilya

Mga Serbisyo ng Pag-arrange

Tagabigay ng Serbisyo sa Pamamahala ng Pera

- ✓ Tumutulong sa iyo sa pagsuri kung kwalipikado ang iyong staff at ang mga provider
- ✓ Kumukompleto sa pagsusuri ng background ng iyong staff kapag kailangan, at tumutulong sa iyong staff sa pagkumpleto sa kailangang papeles
- ✓ Tinitiyak na sinusunod ang mga batas sa pagtatrabaho
- ✓ Makikipagtulungan sa rehiyonal na center upang masiguro na awtorisado ang mga serbisyo sa iyo
- ✓ Magbabyad para sa mga serbisyo at suporta sa buong taon mula sa iyong plano ng paggasta
- ✓ Tumutulong sa iyo sa mga pagbabago sa iyong mga tagabigay ng serbisyo, kung kailangan

W&I Code §4685.8

Mga Serbisyo ng Pag-arrange

Kung nag-arrange ka ng mga serbisyo, rebyuhin muli na ikaw ay

- ✓ Bumili ng mga serbisyo at produkto na **kailangan** upang maisagawa ang iyong IPP
- ✓ Bumili ng mga serbisyo at produkto na **nakakatugo**n sa mga hinihingi ng estado at pederal
- ✓ Bumuo ng mga kwalipikasyon **at** kasunduan sa staff kung kumuha ka ng staff
- ✓ Patulungin ang isang staff na pumasa sa mga pagsusuri sa background sa ***personal na tulong***
- ✓ Maghanda sa **pamamahala sa staff** at pirmahan ang kanilang mga timesheet
- ✓ Maghanda sa **pagpapatalsik sa staff** na hindi sumusunod sa iyong IPP, mga tuntunin sa pangengempleo o hindi nakapasa sa pagsusuri sa background

Mga Bagay na Pag-iisipan

Sino ang makakatulong sa akin sa paghahanap ng staff na makapagbibigay ng mga serbisyo at suporta sa akin?

Mayroon bang tao sa aking buhay na pinagkaaktiwalaan ko at nakakakilala sa akin nang mabuti at gustong magtrabaho sa akin?

May mga creative ba na paraan na sa palagay ko maaaring maibigay ang mga serbisyo at suporta sa akin?

Department of Developmental Services

Plano ng Programa sa Sariling Pagpapasya



Pagpapatala sa Programa ng Sariling Pagpapasya

✓**Dumalo sa Orientation – narito ka na!**

- ❑ Sabihin sa iyong Coordinator ng Serbisyo na gusto mong magpatala sa Programa ng Sariling Pagpapasya
- ❑ Magpasya kung sino ang gusto mong tumulong sa iyo habang lumilipat ka sa Programa ng Sariling Pagpapasya
- ❑ Bumuo ng iyong **Plano na Nakasentro sa Tao** kung gusto mo nito
- ❑ Makipagkita sa iyong IPP Team upang i-update ang iyong IPP at buuhin ang iyong **indibidwal na badyet**
- ❑ Likhain ang iyong **Plano ng Paggasta** at umpisahan ang proseso sa pagpili ng staff at vendor upang suportahan ka
- ❑ Makipagtulungan sa iyong tagabigay ng **Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Pera** at sa IPP team upang isapinal ang iyong Plano sa Paggasta
- ❑ Siguraduhin na ang mga serbisyo ay awtorisado ng pinansyal na system ng rehiyonal na center
- ❑ Magsimula sa pagtanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng Programa sa Sariling Pagpapasya

Pagpapatala sa Programa ng Sariling Pagpapasya

Kung pipiliin mong makakuha ng mga serbisyo sa pamamagitan ng Programa sa Sariling Pagpapasya matapos ang orientation na ito

May mga suportang makukuha upang makatulong sa iyo at sa iyong pamilya sa pagpaplano na nakasentro sa tao at sa transisyon bago ka magpatala sa programa.

- Mga Coordinator ng Serbisyo
- Iba pang staff ng rehiyonal na center
- Ang mga Tagapagbigay ng Suporta sa Transisyon Bago ang Pagpapatala
- Advisory na Komite ng Lokal na Volunteer

Pagpapatala sa Programa ng Sariling Pagpapasya

Available ang Suporta sa Transisyon Bago ang Pagpapatala

Matapos ang orientation, at hanggang nakatala ka sa Programa ng Sariling Pagpapasya, makakatulong sa iyo ang iyong Coordinator ng Serbisyo at ang tagabigay ng Suporta sa Transisyon Bago ang Pagpapatala na makakuha ng tulong sa suporta sa transisyon tulad ng

- **Coaching**, pagsasanay, at tulong sa pagpapatala
- **Pag-coordinate** kung paano ibinibigay ang mga serbisyo at suporta
- Pagkatuto kung paano **pamahalaan** ang indibidwal na badyet at plano ng paggasta
- Pakikipagtulungan sa rehiyonal na center upang suportahan ang **maayos na transisyon**

Pagpapatala sa Programa ng Sariling Pagpapasya

Available din ang mga Serbisyo sa Pamamahala ng Pera ***matapos*** ang orientation at ***bago*** ka magpatala

Ang Tagabigay ng mga Serbisyo sa Pamamahala ng Pera ay **kailangang** hindi kontratado upang makatulong sa mga kalahok sa Programa sa Sariling Pagpapasya

- ✓ Bigyang kaalamn at turuan ka sa mga hinihingi upang maging isang employer
- ✓ Tingnan ang mga hinihingi sa Pinal na Tuntunin ng HCBS
- ✓ Rebyugin at tulungan ka sa pag-adjut ng plano ng paggasta upang isama ang minimum na sahod, mga buwis at insurance
- ✓ Talakayin ang plano ng paggasta, mga serbisyo at e-Billing system sa rehiyonal na center
- ✓ Suportahan ang maayos na transisyon

W&I Code §4685.8

Pagpapatala sa Programa ng Sariling Pagpapasya

Bago makapag-umpisa ang mga serbisyo, may partikular na mga bagay na kailangang magaganap.

- ✓ Ikaw at ang iyong team ay bubuo ng isang IPP, badyetat plano ng paggasta
- ✓ Kukumpletuhin ng Tagabigay ng Serbisyo sa Pamamahala ng Pera ang lahat ng kinailangang papeles kasama ang iyong staff
- ✓ Ipapasok ng Tagabigay ng Serbisyo sa Pamamahala ng Pera ang iyong impormasyon, ang impormasyon ng iyong staff at ang plano ng paggasta sa kanilang system
- ✓ Ilalagay ng rehiyonal na center ang mga serbisyo sa iyo sa system ng rehiyonal na center

Mga Bagay na Pag-iisipan

Gaano kadalas akong magtatanong sa Coordinator ng aking Serbisyo at sa aking Tagabigay ng mga Serbisyo sa Pamamahala ng Pera kung kumusta ang mga bagay-bagay?

Sino ang makakatulong sa akin na makipag-usap sa aking staff tungkol sa kung kailan kami magsisimula kung ang pagpapatala ay mas matagal kaysa inaasahan namin?

Department of Developmental Services

Plano ng Programa sa Sariling Pagpapasya



Nag-uumpisa ang mga Serbisyo

Ang lahat ay nasa ayos ayon sa pinlano

Magiging responsible **ka** na

- Sundin ang mga kasunduan sa Programa sa Sariling Pagpapasya
- Sabihin sa iyong team kung ikaw ay may mga pagbabago, alalahain, o tanong
- Rebyuhin ang mga statement ng iyong buwanang badyet
- Pamahalaan ang staff, kung meron ka
- Humingi ng tulong upang maunawaan at mailapat ang mga 'labor law', kung kailangan

Nag-uumpisa ang mga Serbisyo

Ang lahat ay nasa ayos ayon sa pinlano

Ang Tagabigay ng Serbisyo sa Pamamahala ng Pera ay

- Tatanggap at babayaran ang mga bill para sa mga serbisyo sa iyo
- Magtabi ng hiwalay na account para sa iyong mga pondo
- Tulungan ka sa pamamahala ng papeles tulad ng mga timesheet at ibang mga rekord
- Magbibigay sa iyo at sa rehiyonal na center ng statement ng badyet bawat buwan
- Tulungan ka na matiyak na may sapat kang pera para sa mga serbisyo sa iyo para sa taon

Nag-uumpisa ang mga Serbisyo

Ang lahat ay nasa ayos ayon sa pinlano

Ang rehiyonal na center ay makikipagkita sa iyo upang makita kung kumusta ang mga bagay-bagay

- Nakatutugon pa ba sa iyong mga pangangailangan ang mga serbisyo sa iyo?
- Magtatanong tungkol sa iyong kalusugan, kaligtasan at kabutihan
- Tukuyin at tutugon sa anumang mga alegasyon ng pang-aabuso at pagpapabaya

Nag-uumpisa ang mga Serbisyo

Hindi maayos ang lahat ng bagay ayon sa pinlano

May mga taong **tutulong sa iyo** kung may isang bagay na hindi tama. Sabihin sa iyong team, sa Coordinator ng Serbisyo, o sa Independiyenteng Facilitator kung nangangailangan ka ng tulong sa mga pagbabago, tulad ng

- Kung magku-quit ang iyong staff at wala ka nang anumang mga suporta
- Kung nangangailangan ka ng taga-asikaso sa personal na pangangalaga at wala ka nito
- Kung ikaw ay nagkakaroon ng emergency na nagpapabago sa iyong mga pangangailangan ng serbisyo

Nag-uumpisa ang mga Serbisyo

Hindi maayos ang lahat ng bagay ayon sa pinlano

May kapareho kang mga karapatan sa Programa sa Sariling Pagpapasya tulad ng meron ka sa ibang mga opsyon ng serbisyo. Kabilang sa mga karapatan na ito ang

- Kaparehong mga karapatan tulad ng ibang mga konsyimer ng rehiyonal na center tulad ng dignidad, at gumawa ng mga desisyon
- Karapatan sa pagpupulong ng IPP upang pag-usapan ang mga pagbabago sa serbisyo sa iyo, at upang mag-request ng apela kung tutol ka
- Karapatan na maging ligtas mula sa pinsala, pang-aabuso, o pagpapabaya

Nag-uumpisa ang mga Serbisyo

Hindi maayos ang lahat ng bagay ayon sa pinlano

Mayroong iba't ibang gma kontak na **makakatulong sa iyo**, kabilang ang

- Iyong Coordinator ng Serbisyo
- Ombudsperson sa Programa ng Sariling Pagpapasya sa DDS
- Tagapagtaguyod ng mga Karapatan ng Kliyente
- Magpaabot ng reklamo sa inyong RC Director kung naniniwala kang nalabag ang iyong mga karapatan (4731 reklamo)
- Umapela sa DDS kung hindi ka kuntento sa tugon mula sa inyong RC Director

Nag-uumpisa ang mga Serbisyo

Hindi maayos ang lahat ng bagay ayon sa pinlano

Ikaw, ang iyong team, at lahat na nagtatrabaho sa iyo ay kailangang may-alam sa mga palatandaan ng pang-aabuso o pagpapabaya

- Alamin ang tungkol sa iba't ibang uri ng pang-aabuso
- Alamin kung paano malaman na nagaganap ang pang-aabuso
- Alamin kung saan at paano isumbong ang pang-aabuso

Nag-uumpisa ang mga Serbisyo



Ano ang gagawin kung sa palagay mo nagaganap sa iyo o sa isang taong kilala mo ang pang-aabuso

Sabihin sa isang taong pinagkakatiwalaan mo upang sisiguraduhin nila na ligtas ka

- Pamilya
- Mga kaibigan
- Mga tao mula sa iyong paaralan
- Mga tao sa trabaho
- Independiyenteng Facilitator

Isumbong sa angkop na mga tao

- Iyong Coordinator ng Serbisyo
- Iyong rehiyonal na center
- Mga serbisyo sa proteksyon sa adult
- Mga serbisyo sa proteksyon sa bata
- Lokal na tagapagpatupad ng batas
- Mga medikal na propesyonal

Nag-uumpisa ang mga Serbisyo

Ang Ombudsperson ay makakatulong sa iyo at sa iyong pamilya na makibahagi sa programa sa pamamagitan ng

- Pagbibigay ng impormasyon sa mga kliyente ng rehiyonal na center at kanilang mga pamilya.
- Pagtulong gamit ang mga solusyon sa mga hindi pagkakasundo
- Pag-imbestiga sa mga reklamo kaugnay ng implementasyon ng programa
- Pagrekumenda ng mga pamamaraan para sa pagbabago sa department at sa lehislatura
- Pag-complite at pag-ulat sa datos sa lehislatura

Ang impormasyon at mga kontak ng Ombudsperson ng Sariling Pagpapasya ay makikita on-line sa office-of-the-self-determination-ombudsperson

Mga Bagay na Pag-iisipan

Malalaman ko ba kung sino ang kakausapin kapag nagkakaproblema ako sa aking staff o mga serbisyo sa akin?

Malalaman ko ba kung sino ang kakausapin kung lilipat ako o kung magbabago ang aking mga pangangailangan?

Sino ang masasabihan ko kung nakikita o nararamdaman ko ang mga palatandaan ng pang-aabuso?

Department of Developmental Services

Mga Resource at mga Susunod na Hakbang

Matapos ang orientation

- ✓ **Rebyuhin** ang mga handout
- ✓ **Magtanong**
- ✓ **Pasyahan** kung para sa iyo ang Programa ng Sariling Pagpapasya
- ✓ **Sabihin** sa Coordinator ng Serbisyo sa Iyo
- ✓ **Rebyuhin** ang karagdagang mga material ng pagsasanay
- ✓ **Gamitin** ang mga suporta sa transisyon at ibang mga resource na available sa iyo

Good luck sa iyong paglalakbay sa Programa sa Sariling Pagpapasya!

Salamat sa pagdalo!